

Para sa mga nabakunahan na ng Novel Coronavirus Vaccine

~Pag-ingatan ang inyong pisikal na kondisyon (lalo na ang mga ilang araw pagkatapos magpabakuna) ~

Pagkatapos mabakunahan, **umupo at maghintay sa vaccination center ng mga 15 minuto at tignan kung magbabago ang pakiramdaman.**

(Kung nagka-allergy ka noon (kasama ang anaphylaxis), nahimatay o nahilo dahil sa pagkuha ng dugo, **maghintay ng mga 30 minuto**).

Mga sintomas na maaaring lumitaw (lumitaw sa mahigit 10% ng nagpabakuna)

Dahil ang bakuna ay in-inject sa masel, madalas nagkakaroon ng mahinang side-effect tulad ng pananakit at pamamaga, subalit **karaniwan itong nawawala makalipas ang ilang araw. Kung kinakailangan, uminom ng analgesic/pain reliever, at obserbahan kung magkakaroon ng pagbabago.** (Ang porsyento ng matinding sintomas na makakahadlang sa pang-araw-araw na buhay ay **mababa lamang**).

【Paglitaw ng sintomas, kailan lumitaw, haba】

Sintomas										
	Pananakit ng masel	Pananakit ng kasu-kasuan	Pananakit ng masel	Pananakit ng kasu-kasuan	Pananakit ng masel	Pananakit ng kasu-kasuan	Pananakit ng masel	Pananakit ng kasu-kasuan	Pananakit ng masel	Pananakit ng kasu-kasuan
Porsyento na nangyayari	84.3%	10.6%	15.5%	37.9%	23.7%	55.1%	62.9%	32.4%	14.8%	—
Kailan nangyayari	Araw ng pagbakuna		Sumunod na araw pagkatapos ng pagbakuna							
Gaano katagal mayroon	Mga 2 araw		Mga 1 araw							

【Paglitaw ng matinding sintomas】

Sintomas	Pananakit ng masel	Pananakit ng kasu-kasuan	Pananakit ng masel	Pananakit ng kasu-kasuan	Pananakit ng masel	Pananakit ng kasu-kasuan	Pananakit ng masel	Pananakit ng kasu-kasuan	Pananakit ng masel	Pananakit ng kasu-kasuan
Porsyento na nangyayari	1.5%	0.4%	0.3%	1.8%	0.9%	2.4%	4.2%	1.8%	—	—

Pinagmulan: Overseas Phase I / II / III study (C4591001 study) and Domestic Phase I / II study (C4591005 study)

Kailangang magpabakuna ng 2 beses. Ang karamihan sa mga sintomas ay **mas madalas lumilitaw sa pangalawang bakuna. Mas marami ring sintomas na lumilitaw sa mga hindi pa matanda kaysa sa mga matatanda.** Ang paglabas ng sintomas ay iniisip na resulta ng immune response ng katawan at ebidensya na nagkakaroon ng resistensya ang katawan.

Kapag magpatuloy ang mga sintomas na nasa itaas, o may pagbabago o kakaibang nararamdaman, **magkonsulta sa vaccination center o sa iyong doktor, o sa consultation counter ng iyong prefecture.** Kapag may matinding sintomas tulad ng matinding sakit, pamamaga, mataas na lagnat, magpatingin sa doctor.


Ang matinding sintomas na maaaring lumitaw (Hindi alam kung gaano kadalas)

【Paglitaw ng sintomas, kailan lumilitaw】

■ Maaaring lumitaw ang mga sintomas sa loob ng 5 minuto, subalit karaniwan ay lumilitaw ito sa loob ng 30 minuto matapos magbabakuna. Hinihinalang ito ay shock o anaphylaxis.

(Insidente ng Anaphylaxis: 11.1 na kaso sa bawat 1 milyon.)

Pinagmulan: Overseas Phase I / II / III study (C4591001 study) and Domestic Phase I / II study (C4591005 study)



- Pangangati
- Pamamantal
- Batik-batik na pamumula
- Pamumula ng balat atbp.

- Pananakit ng tiyan,
nasusuka atbp.

- Abnormal na
pagbabago sa
paningin

- Pamamalat/paos na boses
- Pagbahing
- Pangangati ng lalamunan
- Nahihirapan huminga atbp.

- Pamumutla
- Pagkahilo atbp.

Kapag napansin mo na **nagkaroon ka ng alinman sa mga sintomas na ito** habang naghihintay sa vaccination center, **kaagad na ipaalam ito sa mga doktor o nars doon.**

■ Kung saka-sakaling may lumitaw na anuman sa mga sintomas **pagktapos mong umuwi mula sa vaccination center, tumawag sa Consultation Center ng Prepektura na bukas nang 24 na oras.**

Kapag nagkaroon ng matinding sintomas:

Novel Coronavirus Vaccine Consultation Center ng Osaka Prefecture

☎ 0570-012-336/06-6635-2047

24-oras Bukas ng sabado/linggo/holiday ※Japanese lamang



Narito ang Detalye ·
Bagong Impormasyon
(HP ng Osaka)

Bayad sa problema sa kalusugan na sanhi ng bakuna (vaccination health damage relief system)

■ Kapag nagkaroon ng problema sa kalusugan dahil sa pagpapabakuna, maaari kang makatanggap ng tulong batay sa Batas sa Immunization (mga gastos sa medisina, pensiyon sa kapansanan, atbp.). Kung kailangan mong malaman ang proseso ng aplikasyon, magkonsulta sa ward office kung saan makukuha ang residence certificate mo. Kung naaprubahan ito pagkatapos ng pagsusuri, babayaran ito ng ward.

Gumawa

International Exchange Network Osaka ☎06-6966-2400

Ang flyer na ito ay inihanda ng International Exchange Association Network Osaka sa kooperasyon ng Saitama Prefecture, bilang proyekto na nagbibigay ng impormasyon sa iba't ibang wika.